THORNHILL VILLAGE FESTIVAL
Ikatlong Sabado ng Setyembre
www.thornhillfestival.org

Ang Thornhill Village Festival ay isang street festival sa heritage village ng Thornhill, na nasa hilaga lang ng Toronto, Ontario. Nakalaan ang araw na ito upang makilala nang mabuti ng mga residente at mga bisita ang ating komunidad at magsaya sila.

Kabilang sa mga atraksyon ang: Mga Craft Booth, Libangan, Musika, Mga Display hinggil sa Kasaysayan, Art Walk, at marami pang iba.

Ano ang layunin ng Thornhill Village Festival?
Ang layunin ng Thornhill Village Festival ay:
- pagyamanin ang diwa ng komunidad,
- itaguyod ang pamana ng matandang Thornhill, at
- bigyang-daan ang pagdiriwang sa iba't ibang kultura at tradisyon ng ating komunidad.

Ang Bayan ng Thornhill ba ang nangangasiwa sa Thornhill Village Festival?
Hindi. Ang Thornhill ay isang komunidad at hindi isang munisipalidad Noong 1971, hinati ang Bayan ng Thornhill sa may Yonge Street at isinilang ang Markham at Vaughan.

Ang Markham at Vaughan ba ang nangangasiwa sa Thornhill Village Festival?
Hindi. Ang Thornhill Village Festival ay inoorganisa ng isang komite ng komunidad na ganap na binubuo ng mga volunteer. Lubos na nagpapasalamat ang Festival sa suportang natatanggap nito mula sa Lungsod ng Markham, Lungsod ng Vaughan, at York Region.

Sino ang gumagastos para sa Thornhill Village Festival?
Kumikita ito mula sa: mga bayad para sa booth; mga donasyon sa entrance; mga sponsor at maraming oras ng mga volunteer.

Sino ang nagpasimula sa Thornhill Village Festival?
Ang Festival ay isang proyekto ng Society for the Preservation of Historic Thornhill (SPOHT) (www.thornhillhistoric.org).

Inorganisa sa unang pagkakataon ang Festival noong 1977, ang taon kung kailan ipinagdiwang ang Silver Jubilee ni Queen Elizabeth II, upang pagkaisahin ang dalawang bahagi ng nahating komunidad at gamitin ang Yonge Street bilang simbolo ng pagkakaisa sa halip na paghihiwalay.